



Biyayang Nag-aanyaya

WEEK 5

WARM-UP

- Ano ang isang kakayahan na alam mong mahusay mong nagagawa? Magkuwento tungkol dito.
- May mga tao ka bang napagkukuwentuhan ng mga pinaka-iingatan mong sekreto? Paano nabuo ang ganoong pagtiwala sa pagitan ninyo?
- Nalagay ka na ba sa gitna ng isang pagtatalo kung saan kailangan mong mamagitan? Ano ang nangyari?

WORD *Kaya huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng maawaing Diyos para matanggap natin ang awa at biyayang makakatulong sa atin sa panahon ng pangangailangan.* **MGA HEBREO 4:16**

Walang sinumang karapat-dapat na lumapit sa trono ng Hari ng mga Hari, anuman ang ating ihandog o gawin. Ngunit dahil sa sakripisyo ni Jesu-Cristo, ang ating Punong Pari, na ating tagapamagitan sa Diyos, magagawa nating lumapit sa Kanyang trono ng biyaya nang may lakas ng loob. Dito, natatanggap natin ang awa sa halip na parusa at ang *biyayang makakatulong sa atin sa panahon ng pangangailangan*. Tignan natin nang mas maigi kung saan nanggagaling ang kasiguraduhang ito.

1 | Hindi natin maitatago ang anumang bagay mula sa Diyos.

¹²*Sapagkat buhay at mabisa ang salita ng Diyos, at higit na matalas kaysa sa alinmang espadang magkabila ang talim. Tumatagos ito hanggang kaluluwa't espiritu, at hanggang sa kasu-kasuan at kaloob-looban ng buto. Nalalaman nito ang pinakamalalim na iniisip at hinahangad ng tao.* ¹³*Walang makapagtatago sa Diyos. Nakikita niya at lantad sa paningin niya ang lahat, at sa kanya tayo mananagot.* **MGA HEBREO 4:12,13**

Sa Diyos mananagot ang lahat ng nilalang. Ngunit, bilang ating Tagapaglikha, alam Niya ang *pinakamalalim na iniisip at hinahangad* natin. Dahil alam ng Diyos ang lahat, wala tayong magagawang patunayan sa ating mga sarili o kaya ay itago mula sa Kanya. At sa pamamagitan ng Kanyang Salita, tinutulungan Niya tayong makita ang mga saloobin at hinahangad ng ating mga puso. May ipinakita na ba ang Salita ng Diyos na isang bagay tungkol sa iyo na hindi mo inaasahan? Ikuwento kung ano ang nangyari.

2 | Si Jesus ay nakikisimpatiya sa atin.

¹⁴*Kaya panghawakan nating mabuti ang pinaniniwalaan natin dahil mayroon tayong dakilang punong pari na pumasok sa kalangitan, na walang iba kundi si Jesus na Anak ng Diyos.*

¹⁵*Nadarama rin ng ating punong pari ang lahat ng kahinaan natin, dahil naranasan din niya ang lahat ng pagsubok na dumarating sa atin, pero hindi siya nagkasala.* **MGA HEBREO 4:14,15**

Ang isang pari ay namamagitan sa tao at sa Diyos. Si Jesus, na Anak ng Diyos, ang ating Punong Pari. Habang binabasa natin ang salita ng Diyos, lalo na ang tungkol kay Jesus, makikita natin kung paano Niya dinaanan *ang lahat ng pagsubok na dumarating sa atin, pero hindi nagkasala*. Ito ang dahilan kung bakit si Jesus ang tamang tagapamagitan—alam at naiintindihan Niya ang mga nararamdaman natin, at nanatili Siyang walang kasalanan at nagtagumpay sa lahat ng tukso.

Ano ang sinasabi ng 1 Pedro 2:4,5 tungkol sa ating paglapit sa Diyos sa pamamagitan ni Jesu-Cristo?

3

Maaari tayong lumapit sa trono ng biyaya ng Diyos nang walang pag-aatubili.

*Kaya huwag tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng maawaing Diyos para matanggap natin ang awa at biyayang makakatulong sa atin sa panahon ng pangangailangan. **MGA HEBREO 4:16***

Si Jesus, ang ating Punong Pari, ay hindi lamang namagitan sa atin at sa Diyos. Isinakripisyo din Niya ang Kanyang sarili para sa kapatawaran ng ating mga kasalanan at upang maituwid ang ating relasyon sa Kanya. Sa pamamagitan Niya, mayroon tayong lakas ng loob na lumapit sa trono ng biyaya upang matanggap ang Kanyang awa at makita ang biyaya na tumutulong sa atin sa panahon ng pangangailangan. Ito ang mga pribilehiyo na mayroon tayo kay Cristo. Tayo ay inimitahan na magkaroon ng ugnayan sa Diyos at maaari tayong lumapit sa Kanyang trono ng biyaya nang may lakas ng loob. Paano mo nagamit ang mga pribilehiyong ito?

APPLICATION

- Paano ka lumalapit sa Diyos? Basahin at pag-isipan ang sinasabi sa Mga Hebreo 4:12–16. Paano mo magagawang mas lumago sa pananampalataya at maisapamuhay ang kasiguraduhan na mayroon tayo kay Jesus araw-araw?
- Patuloy mo bang hinahayaan ang Salita ng Diyos na buksan ang puso mo sa Kanyang biyaya? Ano ang isang bagay na maaari mong gawin simula ngayong linggo upang mas makaugalian mo pa ang pagbabasa ng Salita?
- Paano mo mahihikayat ang iyong mga kaibigan at kapamilya na tanggapin ang biyaya na ibinibigay ng Diyos sa atin sa pamamagitan ni Jesus. Mangakong ibabahagi sa kanila ang iyong patotoo at ipapangaral ang ebanghelyo nang may kalakasan ng loob ngayong linggo.

